



# EMERHENSIYANG RENTAL ASSISTANCE PROGRAM PARA SA COVID-19 PARA SA MGA RESIDENSIYAL NA MGA YUNIT

## ROUND 1

**Ang Emerhensiyang Rental Assistance Program (ERAP-C19) ay nagbibigay ng bayad sa mga nagpapaupa ng hanggang \$750 kada buwan, nang hanggang dalawang buwan (\$1,500 maximum na tulong), para sa mga kwalipikadong residensiyal na nangungupahang may pangkabahayang mababang kita.**

**Sino ang Kwalipikado:** Ang mga residensiyal na nangungupahang nangangailangan ng upang mapanatili ang paninirahan at / o mapababa ang halaga ng mga delingkwenteng renta.

1. Kailangang residente ng Lungsod ng Glendale.
2. Kailangang nangungupahan sa isang legal na pinapaupahang yunit (o kwartong ipinapa-sublease) at mayroong kasalukuyang kasunduan sa pag-upa o sa pag-sublease. Karagdagang impormasyon tulad ng singil sa mga utility at ilang serbisyo ng koreo ay kakailanganin upang magpatunay na ang sambahayan ay nangungupahang nag-ookupa sa yunit.
3. Kailangang magkwalipika bilang isang Sambahayang may Mababang-Kita (kitang 80% at mababa pa sa Area Median Income). Ang kabuuang kita ng sambahayan ay hindi hihigit sa mga pinakamataas na hangganang nakasaad sa ibaba, batay sa laki ng sambahayan sa isang yunit, na itinalaga ng HUD. Ang bawat aplikante ay kailangang magsubmit ng dokumentasyong nagpapakita ng pagkwalipika ayon sa kita.

2020 Kategoriya ng Kita	1 tao	2 tao	3 tao	4 tao	5 tao	6 tao	7 tao	8 tao
Mababang Kita (80%AMI)	\$63,100	\$72,100	\$81,100	\$90,100	\$97,350	\$104,550	\$111,750	\$118,950

4. Kailangang naapektuhan ng COVID-19 pandemic ang kabuhayan. Ang mga epekto ay maaaring alinman sa mga sumusunod:
  - Pagkawala ng kita dahil sa pagbawas sa bayad na oras ng trabaho dahil sa COVID-19 (tulad ng pagkasisante, nabawasan ang oras ng trabaho, pagbaba ng kita, atbp.)
  - Pagkawala ng kita dahil sa pagkakasakit ng COVID-19 o pag-aalaga sa miyembro ng sambahayan or pamilya na nagkasakit ng COVID-19.
  - Mga karagdagang gastos dahil sa epekto ng COVID-19 (tulad ng pag-aalaga sa bata dahil sa pagsasara ng eskwelahan, gastos sa pagpapagamot, karagdagang gastos upang sumunod sa mga utos ng gobyerno, atbp.)
  - Pagkawala ng kita dahil sa pangangailangang tumigil sa bahay dahil sa kautusang pangkalusugan ng gobyerno, sa pag-quarantine ng sarili, o pag-iwas na makipagtipon sa iba habang nasa estado ng emerhensiya.
  - Pagkawala ng kita dahil sa ibang dahilang kaugnay ng emerhensiyang COVID-19.
5. Kailangang hindi pa nakatatanggap ng tulong na pondo na pang-emerhensiya mula sa lokal, estado, o pederal na ahensiya para sa katulad na layunin (pangpederal na Stimulus Check na inilabas ng IRS ay hindi saklaw ng panuntunang ito).
6. Kailangang ang may-ari/landlord ng paupahang yunit ay hindi kamag-anak.
7. Kailangang hindi naka-enrol sa sa programa sa ilalim ng Seksyon 8, kasalukuyang naninirahan sa isang abot-kayang proyekto ng pabahay na sponsored ng Lungsod, o naka-enrol sa anumang uri ng subsidy program sa pabahay.

**Paano Mag-apply:** Ang mga aplikasyon para sa Round 1 ay maaari lamang matanggap online, simula Hulyo 1, 2020 (12 ng tanghali) – Hulyo 15, 2020 (12 ng tanghali). Ang link para sa ERAP-C19 na aplikasyon ay maaaring makita sa [Glendaleca.gov](https://www.glendaleca.gov) simula 12 ng tanghali sa Hulyo 1, 2020.

**Mga Katanungan?** Maaaring i-email ang mga tanong sa [ERAPCOVID19@Glendaleca.gov](mailto:ERAPCOVID19@Glendaleca.gov) o tumawag sa **(818) 548-2069**.